



Pagbibigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya

Ano ang tulong sa imigrasyon?

Ang tulong sa imigrasyon ay nangyayari kapag ang isang tao ay gumagamit ng kaalaman o karanasan sa pamamaraan ng imigrasyon upang tumulong sa mga aplikasyon sa visa o iba pang mga bagay na may kinalaman sa visa sa pamamagitan ng:

- paghahanda o pagtulong sa paghahanda ng aplikasyon sa visa o iba pang dokumento
- pagpapayo tungkol sa aplikasyon sa visa o sa isang bagay na may kinalaman sa visa
- pagiging kinatawan o paghahanda para sa mga paglilitis sa harap ng korte o nagrerepasong awtoridad kaugnay ng isang bagay na may kinalaman sa visa.

Hindi kasama sa tulong sa imigrasyon ang:

- mga gawaing pang-eskribyente upang maghanda (o tumulong maghanda) ng isang aplikasyon o iba pang dokumento, halimbawa ang pag-scan o pagpapadala ng mga dokumento sa koreo
- pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasalinwika o pag-iinterprete
- pagpapayo sa ibang tao na dapat siyang mag-aplay para sa isang visa
- pagpapasa ng impormasyong ginawa ng ikatlong tao, nang walang ibinigay na mahalagang komento o paliwanag tungkol sa impormasyon.

Sino ang maaaring magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya?

Tanging mga rehistradong ahente ng migrasyon (registered migration agents), mga legal na praktisyoner (legal practitioners) sa Australya o isang tao na may iksemasyon dito ang maaaring ligal na magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya.

Mga rehistradong ahente ng migrasyon

Dapat matugunan ng mga rehistradong ahente ng migrasyon ang ilang mga kinakailangang kaalaman at pag-uugali na nakalista sa Register of Migration Agents na makukuha sa website ng Office of the Migration Agents Registration Authority (OMARA)

www.mara.gov.au

Mga legal na praktisyoner (Abogado)

Ang isang legal na praktisyoner ay isang abogado na nagtataglay ng sertipiko sa pagpapraktis ng abogasya sa Australya. Ang mga abogado ay maaaring magbigay ng tulong sa imigrasyon na nauugnay sa pagpapraktis ng abogasya.

Mga tao na saklaw ng iksemasyon

Ang isang tao ay maaaring magbigay ng tulong sa imigrasyon na naaayon sa batas kung hindi siya maniningil ng bayad para sa kanyang tulong at siya ay:

- isang nominator, sponsor o malapit na kapamilya ng aplikante ng visa
- isang parlamentaryo, isang miyembro ng diplomatikong misyon, may tungkulin sa embahada o internasyonal na samahan
- isang tao na kinuhang magtrabaho sa ilalim ng *Public Service Act 1999* o miyembro ng serbisyong pampubliko sa isang Estado o Teritoryo na nagbibigay ng tulong sa imigrasyon bilang bahagi ng kanilang trabaho
- isang tao na nagbibigay ng libreng tulong upang maihanda ang pagsusumite sa Ministro.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga tao na maaaring magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya, kasama ang paraan kung paano iulat ang mga alalahanin tungkol sa mga tagabigay ng tulong sa imigrasyon, mangyaring bisitahin ang pahina ng

Hulyo 2021

website ng Department of Home Affairs na [‘Who can help you with your application?’](#).

Mga ahente ng edukasyon

Ang mga ahente ng edukasyon ay hindi saklaw ng iksemsyon at hindi maaaring ligal na magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya maliban kung sila ay mga rehistradong ahente rin ng imigrasyon o mga abogado.

Mga parusa sa pagbibigay ng labag sa batas na tulong sa imigrasyon

Isang pagkakasala para sa isang tao ang magbigay ng tulong sa imigrasyon sa Australya maliban kung ang tao na ito ay rehistradong ahente ng migrasyon, abogado o isang tao na saklaw ng iksemsyon.

Ang parusa sa pagbibigay ng labag sa batas na tulong sa imigrasyon ay maaaring hanggang 10 taon na pagkakakulong.

Pagsumbong ng labag sa batas na tulong sa imigrasyon

Sinumang tao na nagbibigay ng labag sa batas na tulong sa imigrasyon sa Australya ay dapat isumbong gamit ang [Border Watch Online Report](#) sa website ng Department of Home Affairs.